

Olmstead

Ano ang Olmstead?

Ang Olmstead v. Ang L.C. ay isang U.S. Supreme Court na kaso na batay sa Title II ng Americans with Disabilities Act (ADA) ng 1990. Sa Olmstead, ang Supreme Court ay naghatol na ang mga estado ay kinakailangang magbigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan sa pinaka-integradong pag-aayos na angkop sa kanilang mga pangangailangan. Ang Olmstead ay naaangkop sa mga taong nasa institusyon, mga taong nasa panganib na mailagay sa institusyon, at kamakailan lamang, sa mga taong nahaharangan sa makabuluhang pakikilahok sa kanilang komunidad dahil sa mga serbisyo o mga gawi ng estado.

Kasaysayan ng Olmstead

Ang kaso ng Olmstead ay kinapapalooban ng dalawang babae na may mga diagnosis sa kalusugan ng isip at mga kapansanan sa talino. Ang dalawang babae ay gumugol ng malaking panahon sa mga ospital para sa mga may sakit sa isip. Nais nilang makatanggap ng mga serbisyo at suporta sa komunidad at isang propesyonal sa paggamot ang nagpasiya na hindi nila kailangan na manatili sa ospital. Naghatol ang Supreme Court na diskriminasyon na hilingin sa mga babaing iyon na manirahan sa isang ospital para sa mga may sakit sa isip samantalang hindi nila kailangang manirahan sa gayong uri ng kapaligiran.

Bakit mahalaga sa Nebraska ang Kasong Olmstead?

Ang ADA ay ipinasa ng isang bipartisan na Kongreso noong 1990 upang maiwasan at alisin ang diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan. Ipinagbabawal ng ADA ang mga pamahalaan ng estado o lokal at mga ahensya na diskriminahan ang mga tao dahil sa kanilang kapansanan. Sa Olmstead, ipinaliwanag ng Supreme Court na ang ibig sabihin ng ADA ay ang hindi kinakailangang paghihiwalay ng mga taong may kapansanan ay isang anyo ng diskriminasyon. Ito ay pinalawak upang magamit kapag ang isang estado ay nabigo na magbigay ng mga serbisyong nakabatay sa komunidad o nabigong maghanap ng mga lugar para sa mga tao sa pinaka-integradong pag-aayos na angkop sa kanilang mga nais at pangangailangan.

Upang makasunod sa ADA, kailangan gumawa at magpatupad ang Nebraska ng isang mabisang plano upang tulungan ang mga taong may kapansanan na mabuhay at magtrabaho bilang mga integradong miyembro ng komunidad.

Mga Pagkakaiba sa Pagitan ng Nagkakahiwalay at Pinagsasama

Kapag ang isang aspeto ng buhay ng isang tao ay naghihiwalay sa kanya mula sa pagiging isang kasaping miyembro ng komunidad, maaari itong makaapekto sa lahat ng aspeto ng buhay ng tao. Halimbawa, ang isang mataas na hagdang pasukan sa isang bahay ay maaaring magdulot ng bahay na hindi maaabot para sa isang taong gumagamit ng wheelchair. Ibig sabihin nito, hindi makakalabas o makakalayo ang tao mula sa kanilang bahay, na nag-aalis ng kanilang kakayahang pumili na makilahok sa makabuluhang mga aktibidad sa komunidad.

	Nagkakahiwalay	Pinagsasama
Mga Bahay	Na binubuo ng mga taong may kapansanan lamang o higit sa lahat, kasama na ang mga taong tumatanggap ng pondo ng estado upang manirahan sa mga pasilidad na tinutulungan sa pamumuhay at mga sentro ng kalusugan sa kaisipan.	Mga lugar kung saan nakatira ang mga taong may kapansanan at hindi.
Mga trabaho	Kabilang dito ang mga sheltered workshop at day treatment program na nag-aalok ng mga sahod na mas mababa sa minimum na pasahod at pangunahing nag-eempleyo ng mga taong may kapansanan.	Nag-aalok ng mapagkumpitensyang sahod at batay sa interes ng tao. Ang mga trabaho ay nag-eempleyo ng mga tao na mayroon at walang kapansanan.
Transportasyon	Limitado at mahigpit. Ang mga biyahe ay kailangang planuhin at maaaring maglaman ng maraming hinto at mga tao sa bawat biyahe.	Magagamit, maaasahan, mahusay, at magagamit sa mga taong may kapansanan at walang kapansanan.
Edukasyon	Tumatanggap ng mga serbisyo sa edukasyon sa mga silid o paaralan na may mga mag-aaral na may kapansanan lamang.	Tumatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon at suporta sa parehong silid-aralan bilang mga mag-aaral na walang kapansanan.
Katangian	Mga iskedyul na itinakda ng iba, walang pagpipilian sa pagkain o kainan, kakulangan sa pagkapribado, walang pagpipilian kung sino ang makakasalamuha, at kung sino ang makakasama sa kwarto.	Kasama rito ang pagpili: ang tao ang nagpasiya kung kailan, saan, paano, at kasama ni sino ang gagawin, kung ano ang kakainin, kung saan manirahan, at kung kanino kasamang manirahan.

Mga pagkukunan ng Olmstead

- Talaan ng mga Katotohanan ng Federal Olmstead <https://www.hhs.gov/sites/default/files/ocr/civilrights/resources/factsheets/ada.pdf>
- Olmstead Rights Organization <https://www.olmsteadrights.org/about-olmstead/>
- Nebraska Olmstead webpage <https://dhhs.ne.gov/Pages/Olmstead.aspx>

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Olmstead, maaari kang magpadala ng email sa DHHS.NEOlmstead@nebraska.gov.